Pangalan: Adiong Abdullah Tampi
Paksa ng Khutbah: “Ang Sabr o Pagtitimpi”
Isinaayos ni: Michael ‘Mujahid’ Macapagal
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
February 2, 2025

Unang Bahagi ng Khutbah:

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلْ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْد:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ آل عمران: 102

***“O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.”***
(Alo ‘Imran: 102)

Katotohanan ang lahat ng papuri at pasasalamat ay nauukol lamang para kay Allah Subhanahu Wa Ta’ala, ang Panginoon ng sanlibutan. Pinupuri natin Siya at hinihingan ng tulong at kapatawaran. At tayo ay nagpapakupkop kay Allah laban sa mga kasamaan ng ating mga sarili at laban sa mga pagkakamali ng ating mga gawain. Sinuman ang patnubayan ni Allah ay walang makapagliligaw sa kanya, At sinuman ang hayaan Niyang maligaw ay walang makakapag-gabay sa kanya. At ako ay sumasaksi na walang diyos na tunay na dapat sambahin maliban kay Allah. At ako rin ay sumasaksi na si Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ay Kanyang Alipin at Sugo, at nawa’y ipagkaloob sa kanya ang kapayapaan at pagpapala gayundin sa kanyang mga pamilya, mga kasamahan, at sa lahat ng mga taong sumusunod sa tamang landas hanggang sa Huling Araw.

Mga magulang at kapatid sa pananampalataya, katakutan natin si Allah ng tunay na pagkatakot at huwag tayong mamatay maliban na hindi tayo maging Muslim, sapagkat ang buhay ay walang katiyakan kung kailan darating ang kamatayan, gayun pa man, ang buhay sa Mundo ay panandalian lamang, at ang mga kayamanan natin o iba pang mga materyal na bagay katulad ng pera, mga sasakyan, o ano pa mang mayroon tayo ay may katapusan. At batid natin na ang lahat nang ito ay mawawala, at ito ay babalik sa ating mahal na Panginoong Tagapaglikha.

Ang bawat segundo at minuto na lumilipas sa ating buhay ay nagpapaalala sa atin na ang buhay ay may katapusan at hindi na muling babalik pa. Kung ating pagmamasdan at pagninilayan ang mga bagay na ito, maaaring magbunsod ito ng inspirasyon at pagsusumikap upang maitaguyod ang mga layunin na itinakda ni Allah para sa ating kaligtasan.

Lagi nating tandaan na ang Mundong ito, habang tumatagal, ay patuloy na tumatanda kasama ang lahat ng nilalaman nito. Kaya't huwag nating hayaang matangay tayo ng mga kaakit-akit na kayamanan at kagandahan nito, sapagkat ang lahat ng ito ay lilipas at hindi magtatagal. Samantalang ang kayamanan at kagandahan sa kabilang-buhay ay walang hanggan, patuloy na gumaganda, at hindi maihahambing sa anumang mayroon dito sa Mundong ating ginagalawan.

Si Allah ay nagwika:

﴿ بَلْ تُؤْثِرُونَ الْحَيَاةَ الدُّنْيَا (16) وَالْآخِرَةُ خَيْرٌ وَأَبْقَىٰ (17) ﴾ الأعلى: 17 -16

***"Ngunit mas gusto ninyo ang buhay sa Mundo, samantalang ang kabilang-buhay ay mas mabuti at mas matagal."*** (Al-A'la: 16-17)

Ang Mundong ito ay puno ng pagdurusa, paghihirap, at pagsubok. Kahit may halong lungkot at saya, ang buhay dito ay pansamantala. Ang tunay at walang hanggang kaligayahan ay nasa kabilang-buhay. At ito ay puno ng panlilinlang, kaya huwag tayong magpalinlang kung ano pa man at sa halip na gusto natin ang pagbabago para mas mapalapit tayo kay Allah, ihanda na natin ang mga sarili laban sa mga tuksong makamundong bagay sapagkat ito ay makakasira sa pananampalataya ng Muslim.

Sinabi ni Imam Ibnul Qayyim (rahimahullah): "Kapag inilagay ni Allah ang isang tao sa ilang mga pagsubok o paghihirap at nauunawaan ng taong ito na kay Allah lamang siya hihingi ng tulong, ito ay mabuting tanda para sa kanya; ang mga pagsubok ay nagiging pagdadalisay at habag. Sa kabilang banda, kung siya ay tumatanggi, nagrereklamo o tumatalikod kay Allah at humihingi lamang siya ng saklolo sa mga kapwa niya nilalang, ito ay masamang tanda para sa kanya; ang mga pagsubok ay nagiging parusa at kalbaryo para sa kanya." (Tareequl-Hijratayn, ftn 103, p. 259)

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

Ikalawang Bahagi ng Khutbah:

الحَمْدُ لِلهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Mga magulang at kapatid sa pananampalataya. Ang buhay ay isang siklong hirap at ginhawa at ang kailangan ay ang matibay na pagtitiwala at pananalig kay Allah. Si Allah ay nagwika:

﴿ إِنَّ مَعَ ٱلۡعُسۡرِ يُسۡرٗا ﴾ الشرح: 6

***"Katotohanan, ang kasunod ng kahirapan ay kaginhawahan."*** (Ash-Sharh: 6)

Mga kapatid at magulang sa pananampalataya, ang lahat na mga nangyayari sa Mundo at bawat nilalang, isipin natin na ito ay nakaplano mula kay Allah. Kaya habang tayo'y namumuhay ay tila hindi na natin maiiwasan o matatakasan ang mga pagsubok na may sukling kaginhawaan. At katotohanan sabi ni Allah na ang sila yaong nagtimpi ay mapapasa kanila ang napakalaking gantimpala na hindi kayang mapapantayan ng ano pa mang gawain. Kaya mga kapatid at magulang sa pananampalataya, ang mga gantimpala na ito ay para sa mga tao na pinagkalooban ng Habag at Kapatawaran mula kay Allah. Ang sabi ni Allah:

﴿ قُلْ إِن كُنتُمْ تُحِبُّونَ اللَّهَ فَاتَّبِعُونِي يُحْبِبْكُمُ اللَّهُ وَيَغْفِرْ لَكُمْ ذُنُوبَكُمْ ۗ وَاللَّهُ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴾

آل عمران:31

***"Sabihin mo (O Muhammad): Kung (talagang) iniibig ninyo si Allah, ay sumunod kayo sa akin upang si Allah ay ibigin kayo at patawarin kayo sa inyong mga kasalanan. At si Allah ay Ang Mapagpatawad, Ang Pinakamaawain."*** (Alo 'Imran: 31)

Siya rin ay nagsabi:

﴿ سَابِقُوا إِلَىٰ مَغْفِرَةٍ مِّن رَّبِّكُمْ وَجَنَّةٍ عَرْضُهَا كَعَرْضِ السَّمَاءِ وَالْأَرْضِ أُعِدَّتْ لِلَّذِينَ آمَنُوا بِاللَّهِ وَرُسُلِهِ ۚ ذَٰلِكَ فَضْلُ اللَّهِ يُؤْتِيهِ مَن يَشَاءُ ۚ وَاللَّهُ ذُو الْفَضْلِ الْعَظِيمِ ﴾ الحديد: 21

***"Mag-unahan kayo (sa paggawa ng kabutihan) tungo sa kapatawaran mula sa inyong Panginoon at sa Paraiso na ang lawak ay gaya ng kalangitan at kalupaan, na inihanda para sa mga sumasampalataya kay Allah at sa Kanyang mga Sugo. Iyan ang biyaya ni Allah na ipinagkakaloob Niya sa sinumang Kanyang nais. At si Allah ay Tagapagbigay ng Dakilang Biyaya."*** (Al-Hadid: 21)

Kaya mga kapatid at magulang, huwag tayong mawalaan ng pag-asa sapagkat may oras pa tayo upang manumbalik sa Kanya.

Mga kapatid at magulang sa pananampalataya, kinalulugdan ni Allah ang mga yaong Muttaqoon: ang mga tao na gumagawa ng kabutihan at sa mga yaong mga tao na kung sila ay nakagawa ng mga matinding kasalanan (Fahesah) ay nakakaala-ala sila kay Allah, at humihingi sila ng kapatawaran sa kanilang mga nagawang kasalanan. Kaya mga kapatid at magulang, sino po ba kaya ang magpapatawad ng mga kasalanan maliban kay Allah?

Mga kapatid at magulang bilang pagtatapos, manalangin tayo kay Allah na pagkalooban tayo ng habag at kapatawaran, at hilingin natin sa Kanya na ibigay niya sa atin ang mga pangangailangan natin, at kung ito man ay nasa ating harapan, nawa'y padaliin, at kung ito man ay nararapat para sa atin ay sana mapadali ito, at maibigay na sa atin, at kung ito man ay tila napalalayo pa nawa'y mapalapit na ito sa tamang panahon upang maging mas madali para sa atin at mapakinabangan ng lubos. At sa lahat na Muslim, na nauna na sila sa kanilang mga libingan nawa'y patawarin sila ni Allah sa kanilang mga nagawang mga kasalanan. At muli, sa ating mga pagtitiis, nawa'y malagpasan natin ang mga ito at magkaroon ng matatag at maayos na pananampalataya at patnubayan tayo palagi ni Allah at tanggapin sa Paraiso. Ameen.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفْوَ فَاعْفُ عَنَّا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْلَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.
اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.

اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.

رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.

وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***